# 2024 Pangunahing Halalan

# Pamplet para sa Mga Botante ng Jackson County sa Wikang Tagalog

# pamplet para sa mga botante

Pagboto sa pamamagitan ng Koreo sa Pangunahing Halalan sa Oregon    Mayo 21, 2024

**Sulat mula sa Kawani ng County**

Mga Botante ng Jackson County:

Ang Pamplet para sa Mga Botante ng Jackson County ay inilathala para ipabatid at ipaalam sa mga botante ang tungkol sa mga lokal na kandidato at mga panukalang-batas. Hindi kinakailangang magsumite ng pahayag ang mga kandidato na isasama sa Pamplet para sa mga Botante. Ang lahat ng pahayag ng kandidato at argumento sa panukalang-batas na nakikita sa pamplet na ito ay isinumite kasama ng bayad sa pag-file. **Tanging mga naaangkop na kandidato para sa inyong presinto ang makikita sa iyong balota.**

Isa itong saradong pangunahing halalan ng partido para sa mga rehistradong Demokratiko (Democratic) at Republican (Republican). Nangangahulugan lamang ito na ang mga Demokratiko (Democratic) ay boboto sa mga Demokratiko (Democratic) at katungkulang walang kinikilingan at ang mga Republican (Republican) ay boboto sa mga Republican (Republican) at katungkulang  walang kinikilingan. Nanaisin mong tiyakin ang katayuan ng iyong partido bago ang huling araw ng gawaing panghalalan para sa pagpapalit ng partidong pampolitika. Maaari mong tingnan online ang iyong katayuan sa rehistrasyon sa pamamagitan ng **Aking Boto sa www.oregonvotes.gov.** Ang huling araw ng gawaing panghalalan para sa pagpapalit ng iyong kaalyadong partido para sa Pangunahing Halalan sa Mayo 21 ay sa **Martes, Abril 30, 2024**.

Ang Pangunahing Halalan sa Mayo 21, 2024, tulad ng lahat ng halalan sa Estado ng Oregon, ay isasagawa sa pamamagitan ng koreo. Naka-iskedyul ang mga balota na ipadala sa koreo sa Jackson County sa Biyernes, Mayo 3. Ang huling araw ng rehistrasyon para sa mga mamamayan na hindi kasalukuyang nakarehistro para bumoto sa Estado ng Oregon para sa Pangkalahatang Halalan sa Mayo 21 ay sa **Martes, Abril 30, 2024.**

Ang pamplet na ito ay inihatid sa mga address para sa koreo ng post office. Sa gayon, kung nakatanggap ka ng pamplet, hindi agad iyon nangangahulugan na ikaw ay isang rehistradong botante. Ang mga botante na kasalukuyang rehistrado sa Estado ng Oregon na lumipat na, o nagbago ng kanilang address ng tirahan o address para sa koreo o pangalan, ay dapat mag-update ng kanilang rehistrasyon bago ng pagtatapos ng negosyo sa Araw ng Halalan upang makaboto. **Hindi maipapadala ang mga balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo!** Kung kailangan mong mag-rehistro o mag-update ng iyong rehistrasyon, maaari mong gawin ito online sa **oregonvotes.gov/myvote** o sa personal sa 1101 West Main St., Suite #201, Medford.


**Mahalaga ang mga Marka ng Koreo!** Ang mga balotang natanggap mula sa United States Postal Service pagkatapos ng araw ng halalan ay tatanggapin kung namarkahan ito ng koreo sa o bago ang araw ng halalan at natanggap pagsapit ng ika-7 araw pagkatapos ng halalan.

Dapat ay namarkahan ng koreo ang mga balota pagsapit ng Mayo 21, 2024, kung pinadala sa koreo, o hinulog sa isang Opisyal na Drop Box ng Balota nang hindi lalampas sa 8 pm, Mayo 21, 2024.

Nag-aalok ng Impormadong Paghahatid (Informed Delivery) ang Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service). Sa sandaling mag-sign up, makatatanggapka ng email na may larawan ng mga bagay na ipinadadala sa koreo (mail pieces) na ihahatid sa araw na iyon. Malalaman mo kapag dumating ang balota mo sa iyong mailbox. Para mag-sign up sa serbisyong ito, pumunta sa **informeddelivery.usps.com**.

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa katayuan ng iyong rehistrasyon bilang botante o sa proseso ng halalan, tawagan ang Tanggapan para sa Pangangasiwa ng Halalan sa 541-774-6148.

Taos-pusong sumasainyo,



Chris Walker
Kawani ng Jackson County

# Impormasyon sa Pagboto

Ang impormasyong ito ay inilagay sa pamplet para sa mga botante upang tulungan ang mga botante ng Jackson County sa pagmamarka ng kanilang balota.

### Punan ang Bilog

Upang matiyak na mabibilang ang iyong boto:

→ Gumamit ng asul o itim na panulat.

→ Ganap na punan ang bilog.

→ Huwag maglagay ng tsek.

→ Huwag magmarka ng X.

### Kandidato o Panukalang-Batas

→ Upang bumoto para sa isang kandidato o panukalang-batas, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong tugon.

### Pagsasama ng Pangalan

→ Para isama ang isang pangalan, ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng linya para sa pagsasama ng pangalan at isulat ang pangalan sa linya.

### Kulang sa Bilang ng Boto

→ Kung hindi ka bumoto sa isang labanan o panukalang-batas, ito ay tinatawag na kulang sa bilang ng boto.

→ Ang isang boto ay hindi mabibilang para sa labanan o panukalang-batas.

→ Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng labanan. Mabibilang pa rin ang mga binoto mo.

## Bumoto ng Labis

→ Kung bumoto ka ng mas maraming kandidato kaysa sa pinahihintulutan, o kung pareho mong binoto ang Oo at Hindi sa isang panukalang-batas, tinatawag itong bumoto ng labis.

→ Hindi mabibilang ang isang boto para sa labanan o panukalang-batas na bumoto ka ng labis, maliban kung itama mo ito.

→ Maaari mong itama ang isang pagboto ng labis sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa "Paano Itama ang Isang Pagkakamali"

## Paano Itama ang Isang Pagkakamali

→ Guhitan ng linya ang bilog at ang iyong hindi nais na tugon.

→ Ganap na punan ang bilog sa kaliwa ng iyong nais na tugon.

→ Hindi bibilangin ang boto para sa hindi mo nais na tugon.

→ May bilang na isang boto para sa iyong nais na tugon.

**Maaari kang makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa 541-774-6148 para humiling ng pamalit na balota kung:** nagkamali ka, nasira o namarkahan nang mali ang iyong balota, o nawala ang iyong balota (o para sa anumang iba pang dahilan).

**Tulong sa Pagmarka ng Balota; Mga Pataan at Limitasyon:** Ang sinumang botante na, dahil sa kapansanan o kawalan ng kakayahang magbasa o magsulat, hindi makapagmarka ng kanilang balota ay maaaring makatanggap ng tulong. Ang tulong ay ibibigay ng alinman sa dalawang tao ng magkaibang partidong pampolitika na itinalaga ng kawani ng county o ng ibang taong pinili ng botante. Ang sinumang tumutulong sa isang botante ay dapat sumunod sa tagubilin ng botante kung paano boboto sa balota. Gayundin, ang taong tumutulong sa botante, kalaunan ay hindi dapat magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa kung paano bumoto ang botante. Bukod dito, hindi maaaring magbigay ang sinuman ng nasabing tulong kung siya ay isang tagapag-empleyo ng botante o isang ahente ng tagapag-empleyo. At, hindi rin maaaring magbigay ng nasabing tulong ang isang tao kung siya ay isang opisyal o ahente ng isang unyon kung saan ang botante ay isang miyembro. (ORS 254.445)

# Impormasyon sa Pagsasama ng Pangalan

Ang mga botante sa Oregon ay may opsyon na magsama ng pangalan ng isang kandidato para sa anumang katungkulan sa halip na bumoto sa isang kandidatong nakalathala sa balota. Ang mga botong may isinamang pangalan ay bibilangin kasama ng kabuuang halaga na naitala para sa bawat katungkulan maliban kung walang kandidato sa balota, o ang kabuuang bilang ng mga botong may isinamang pangalan ay lumampas sa may pinakamaraming boto na kandidato, o sa kaso ng mga Precinct Committeepersons, naisumite na ang kinakailangang form. Makikita ang mga resulta ng pagsasama ng pangalan matapos ang pagsertipika ng mga resulta ng halalan sa Jackson County na naka-iskedyul sa Hulyo 17, 2024.

- **Impormasyon hinggil sa Pagsasama ng Pangalan ng Kandidato para sa Demokratikong (Democratic) Nominasyon para sa Senador ng Estado, Unang Distrito, Senador ng Estado, Ika-28 Distrito, Kinatawan ng Estado, Ikalawang Distrito, at Kinatawan ng Estado, Ika-56 na Distrito:** Dahil walang mga kandidato sa mga Demokratikong (Democratic) balota sa pagnomina para sa mga posisyong ito, bibilangin ang mga pangalan na nakasulat sa mga linya para sa pagsama ng pangalan. Ibinibigay ang sumusunod na impormasyon sa mga indibidwal na naghahanap ng Demokratikong (Democratic) nominasyon para sa mga posisyong ito.
  - **Pagsasama ng Pangalan ng Kandidato:** Ang isang kandidatong naghahangad ng nominasyon sa pamamagitan ng pagsasama ng pangalan ay walang kukumpletuhing anumang mga form sa paghahain ng pagkakandidato ngunit dapat maging kwalipikado para sa katungkulan at maaaring kailanganing gumawa ng account ng kampanya at maghain ng Pahayag ng Organisasyon (Statement of Organization) na nagtatalaga ng isang komite ng kandidato. Tingnan ang Manwal sa Pananalapi sa Kampanya at Mga Manwal para sa Taong Gumagamit ng ORESTAR na makikita sa **oregonvotes.gov**.
  - **Nominasyon** Aabisuhan ng Kalihim ng Estado ng Oregon ang mga nanalo. Dapat tanggapin ng mga nanalo ang nominasyon bago ibibigay ang isang Sertipikasyon ng Nominasyon.
  - **Halalan:** Makikita ang pangalan ng nominadong kandidato sa balota sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 5, 2024.

***Paunawa: Ang mga labanang ito ay wala sa lahat ng balota!*** *Nakikita lamang ang mga labanang ito sa "Opisyal na Balota sa Pagnomina sa Pangunahing Halalan para sa Partidong Demokratiko (Democratic)". Tanging mga botante sa loob ng Distrito 1 ng Senado at Distrito 2 ng Kapulungan o District 28 ng Senado at Distrito 56 ng Kapulungan na rehistrado sa partidong Demokratiko*

*(Democratic) sa o bago mag-Abril 30, 2024 ang kwalipikadong bumoto sa mga labanang ito sa Pangunahing Halalan sa Mayo 21, 2024.*

- **Impormasyon sa Pagsasama ng Pangalan ng Kandidato para sa Precinct Committeeperson:** Ang isang form na SEL 105D o SEL 105N ay dapat na isumite sa Halalang Pang-county ng Jackson para mabilang ng mga Precinct Committeepersons ang mga botong may isinamang pangalan. Makukuha ang mga form sa Halalang Pang-county ng Jackson o online sa **www.jacksoncountyor.gov/elections.**
    - **Pagpapahayag ng Kandidato hinggil sa Pagsasama ng Pangalan:** Ang kandidato ng precinct committeeperson na gustong mahalal sa pamamagitan ng mga botong may isinamang pangalan ay dapat magsumite ng form na SEL 105D Pahayag hinggil sa Pagsasama ng Pangalan – Precinct Committee Person bago mag-8 pm ng Martes, Mayo 21, 2024. Kung mahalal, isang "Sertipikasyon ng Halalan" ang ipapadala sa bagong halal na Precinct Committeeperson.
    - **Nominasyon para sa Pagsasama ng Pangalan** Ang isang manghahalal ng precinct committee person na gustong magnomina ng isa pang manghahalal bilang precinct committee person na isinama ang pangalan ay dapat magsumite ng form na SEL 105N Nominasyon para sa Pagsasama ng Pangalan – Precinct Committeeperson bago mag-8 pm ng Martes, Mayo 21, 2024. Kung mahalal, isang form na "Pagtanggap sa Katungkulan" ang ipapadala sa koreo sa bagong halal na Precinct Committeeperson; ang form na "Pagtanggap sa Katungkulan" ay dapat ibalik sa Kawani ng Jackson County upang maibigay ang isang "Sertipikasyon ng Halalan".

***Paunawa: Ang labanang ito ay wala sa lahat ng balota!** Nakikita lamang ang labanang ito sa "Opisyal na Pangunahing Balota sa Pagnomina sa Partidong Demokratiko (Democratic) at Republican (Republican)". Tanging mga botante na rehistrado sa partidong Demokratiko (Democratic) o Republican (Republican) sa o bago mag-Abril 30, 2024 ang kwalipikadong bumoto sa labanang ito sa Pangunahing Halalan sa Mayo 21, 2024.*

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

**Pag-rehistro para Bumoto:** Upang makaboto sa Oregon kailangan mong maging rehistrado sa county kung saan ka nakatira. Maaari kang mag-rehistro kung makasagot ka ng oo sa tatlong tanong na ito: 1) Ikaw ba ay residente ng Oregon? 2) Ikaw ba ay isang mamamayan ng U.S.? 3) Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang? *Kung ikaw ay 16 o 17 taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.*

**Paano mag-rehistro:** Maaari kang mag-rehistro online para bumoto sa **oregonvotes.gov** o maaari kang makakuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar: 1) anumang tanggapan para sa halalang pang-county. 2) ang tanggapan ng Kalihim ng Estado. 3) ilang ahensya ng estado tulad ng Dibisyon ng Mga De-motor na Sasakyan. 4) isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante. Maaari mong punan ang kard nang personal o ipadala ito sa pamamagitan ng koreo ng US. Maaari ka ring mag-print online ng kard ng rehistrasyon sa **oregonvotes.gov**.

**Pag-update ng iyong rehistrasyon ng botante:** Kapag rehistrado ka na, tungkulin mong panatilihing napapanahon ang iyong impormasyon. Maaari mong gawin ito online sa **oregonvotes.gov** o sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagbabalik ng kard ng rehistrasyon ng botante na may bagong impormasyon. Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung gagawin mo ang alinman sa mga sumusunod: 1) babaguhin ang address ng iyong tirahan. 2) babaguhin ang iyong address para sa koreo. 3) babaguhin ang iyong pangalan. 4) babaguhin ang iyong lagda. 5) gustong baguhin o pumili ng partidong pampolitika. 6) babiyahe o wala sa bahay sa araw ng halalan.

# Mahalagang Deadline!

Ang huling araw para magrehistro upang bumoto o magpalit ng iyong kaalyadong partidong pampolitika ay sa **Martes, ika-30 ng Abril.**

Pumunta sa **Oregonvotes.gov/myvote** para;

- ➔ I-tsek ang iyong rehistrasyon:
- I-update ang iyong rehistrasyon; o
- Magparehistro para makaboto.

Maaari mo ring puntahan ang Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa 1101 W Main St, Suite 201, Medford, O 97501 para sa iyong mga pangangailangan sa rehistrasyon ng botante.

# Pagbabalik ng Iyong Balota

**Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Mayo 21, 2024**

**Matapos iboto ang iyong balota:**

1. **Suriin** kung may mga pagkakamali sa iyong balota;
2. **Ilagay** ang iyong balota sa sobre para sa pagbalik ng balota;
3. **I-seal** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
4. **Lagdaan** ang sobre para sa pagbalik ng balota;
5. **Ibalik** ang iyong balota.

**Mayroon kang dalawang paraan para ibalik ang iyong balota:**

1. **Ipadala sa koreo** ang iyong balota upang mamarkahan ito ng USPS pagsapit ng Araw ng Halalan; o
2. **Ilagay** ang iyong balota sa isang opisyal na drop box ng balota ng Oregon bago mag-8 pm sa Araw ng Halalan.

**Mahalaga!** Dapat isauli ang iyong balota nang nasa sobre para sa pagbalik ng balota na ibinigay kasama ng iyong pakete ng balota. **Tiyaking ang nilalagdaan mong sobre para sa pagbalik ng balota ay ang ibinigay sa iyo!**

Kung nawala o nasira mo ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, mangyaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa 541-774-6148.

# Pagsubaybay sa Iyong Balota!

Nag-aalok ng Impormadong Paghahatid (Informed Delivery) ang Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service) Sa sandaling mag-sign up, makatatanggap ka ng email na may larawan ng mga bagay na ipinadadala sa koreo (mail pieces) na ihahatid sa araw na iyon. Malalaman mo kapag dumating ang balota mo sa iyong mailbox. Para mag-sign up sa serbisyong ito, pumunta sa **informeddelivery.usps.com**.

Upang matukoy kung ang iyong balota ay natanggap ng iyong opisyal ng halalang pang-county, mangyaring pumunta sa **oregonvotes.gov/myvote** kung saan maaari mong subaybayan ang iyong balota.

# Kaalyadong Partido at Nilalaman ng Balota

Dahil isa itong pangunahing halalan, gagamitin ng mga partidong **Demokratiko (Democractic)** at **Republican (Republican)** ang halalang ito sa pagnomina ng kanilang mga kandidato para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 5, 2024. Tandaan na ang iyong balota ay maglalaman lamang ng mga kandidato at panukalang-batas kung saan kwalipikado kang bumoto. Ang nilalaman ng balotang matatanggap mo ay naaayon sa iyong kaalyadong partido at mga distrito kung saan ka nakatira.

- Kung rehistrado ka sa isang malaking partidong pampolitika (**Demokratiko (Democratic) o Republican (Republican)**), matatanggap mo ang balota sa pagnomina ng iyong partido na maglalaman ng mga kandidato ng iyong partido kasama ng anumang mga kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas.

- Kung rehistrado ka sa isang minoryang partidong pampolitika (**Konstitusyon (Constitution), Independiyente (Independent), Libertarian (Libertarian), Walang Label (No Labels), Pacific Green (Pacific Green), Progressive (Progressive), Working Families (Working Families)**) o naglista ng **Iba pa** bilang napili mong partido, makatatanggap ka ng isang balotang walang kinikilingan na may mga kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas lamang.

- Kung rehistrado ka sa anumang partidong pampolitika (**Hindi miyembro ng isang partido**), makatatanggap ka ng isang balotang walang kinikilingan na may mga kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas lamang.

Ang huling araw para mag-rehistro upang bumoto o magpalit ng iyong partidong pampolitika para sa Pangunahing Halalan sa Mayo 21, 2024 ay sa **Martes, Abril 30, 2024.**

**Mag-rehistro/Mag-update Online**

Pumunta sa www.oregonvotes.gov para mag-rehistro upang makaboto online. Kung rehistrado ka na para bumoto, pumunta sa www.oregonvotes.gov/myvote upang i-tsek ang iyong rehistrasyon at i-update ito kung kinakailangan.

**Mag-rehistro/Mag-update gamit ang Koreo o Nang Personal**

Makukuha online ang mga form sa rehistrasyon sa www.oregonvotes.gov o sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections), 1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR 97501.

# Mga Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota

**Ang Araw ng Halalan ay sa Martes, Mayo 21, 2024**

**Opisyal na mga Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota ng Jackson County**
(Magbubukas sa Lunes, Mayo 6, 2024)

| | |
|---|---|
| **Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections)**<br>1101 W. Main St., Suite 201<br>Medford, OR 97501<br>(Matatagpuan ang opisina sa ika-2 palapag) | Ang mga drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** at agarang napupuntahan (walk up) ay bukas 24 na oras araw-araw (kaliwang lane - W. Main)<br>Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan<br>Ang mga drop box ng balota **sa loob** ng tanggapan para sa pangangasiwa ng Halalan ay bukas 8 am hanggang 4 pm, Lunes – Biyernes<br>(7 am - 8 pm sa Araw ng Halalan) |
| **Aklatan ng Ashland (Ashland Library)**<br>410 Siskiyou Blvd.<br>Ashland, OR 97520 | Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw (eskinita sa labas ng Gresham St. malapit sa book drop)<br>Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan |
| **Aklatan ng Central Point (Central Point Library)**<br>116 S. 3rd St.<br>Central Point, OR 97502 | Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw<br>(timog na bahagi ng gusali ng aklatan, pangunahing pasukan)<br>Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan |
| **Aklatan ng Eagle Point (Eagle Point Library)**<br>239 W. Main St.<br>Eagle Point, OR 97524 | Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pangunahing pasukan ng pangunahing sangay ng aklatan)<br>Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan |
| **Aklatan ng Medford (Medford Library)**<br>205 S. Central Ave<br>Medford, OR 97501 | Ang drop box ng balota sa **tabi ng kalsada** ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan ng parking lot sa labas ng 10th St.)<br>Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan |

| | |
|---|---|
| **Aklatan ng Phoenix (Phoenix Library)**<br>510 W. 1st St.<br>Phoenix, OR 97535 | Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)<br>Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan |
| **Aklatan ng Rogue River (Rogue River Library)**<br>412 E. Main St.<br>Rogue River, OR 97537 | Ang **agarang napupuntahang (walk up)** drop box ng balota ay bukas 24 na oras araw-araw (pasukan sa pangunahing sangay ng aklatan)<br>Magsasara nang 8 pm sa Araw ng Halalan |

# Panukalang-Batas 15-224 – Jackson County

*Isinasangguni sa Mga Tao sa pamamagitan ng Petisyon para sa Inisyatiba*

**Caption:** Walang Kikilingan ang Mga Komisyonadong Pang-county ng Jackson

**Tanong:** Dapat bang lumipat ang Mga Komisyonadong Pang-county ng Jackson mula sa pagiging makapartido patungo sa walang kinikilingan simula sa pangunahing halalan sa 2026?

**Buod:** Binabago ng panukalang-batas na ito ang Seksyon 9 ng Karta ng Jackson County Oregon hinggil sa Lupon ng Mga Komisyonadong Pang-county. Binabago ng panukalang-batas na ito ang mga hinalal na Komisyonado mula sa isang katungkulang makapartido patungo sa isang katungkulang walang kinikilingan. Nangangahulugan ito na walang kaalyadong pampolitika ang makikita sa balota sa tabi ng kandidato para sa mga komisyonadong pang-county.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Walang ihahaing mga pagpapaliwanag na pahayag para sa mga panukalang-batas pang-county na dulot ng petisyon para sa inisyatiba (Naka-codify na Mga Ordinansa ng Jackson County, Kabanata 206, Halalan 10-13).

Maaaring makuha ang teksto ng panukalang-batas; online sa https://www.jacksoncountyor.gov/departments/clerk/elections/index.php; nang personal sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections), 1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR, 97501; sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa elections@jacksoncountyor.gov.

# Panukalang-Batas 15-225 – Jackson County

*Isinasangguni sa Mga Tao sa pamamagitan ng Petisyon para sa Inisyatiba*

**Caption:** Patataasin sa Lima ang Bilang ng Mga Posisyon ng Mga Komisyonadong Pang-county ng Jackson

**Tanong:** Dapat bang pataasin sa lima ang bilang ng Mga Komisyonado at hindi hihigit sa tatlong posisyon ang bakante kada halalan?

**Buod:** Binababago ng panukalang-batas na ito ang Seksyon 5 at Seksyon 9 ng Karta ng Jackson County Oregon patungkol sa bilang ng mga hinalal sa tungkulin sa Lupon ng Mga Komisyonadong Pang-county. Patataasin ng panukalang-batas na ito sa lima (5) mula sa tatlo (3) ang bilang ng mga Komisyonadong Pang-county. Nagtatakda ang panukalang-batas ng mga karagdagang kinakailangan hinggil sa dalawang karagdagang posisyon ng Komisyonado na ihahalal sa pangkalahatang halalan sa 2026 at magsisilbi sa unang dalawang taong termino. Ang layunin ng unang dalawang taong termino ay para hindi magkaroon ng higit sa tatlo ng limang posisyon sa halalan sa parehong taon. Kasunod ng pagtatapos ng unang dalawang taong termino ng dalawang bagong posisyon ng komisyonado, magiging apat na taon ang termino ng halalan.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Walang ihahaing mga pagpapaliwanag na pahayag para sa mga panukalang-batas pang-county na dulot ng petisyon para sa inisyatiba (Naka-codify na Mga Ordinansa ng Jackson County, Kabanata 206, Halalan 10-13).

Maaaring makuha ang teksto ng panukalang-batas; online sa https://www.jacksoncountyor.gov/departments/clerk/elections/index.php; nang personal sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections), 1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR, 97501; sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa elections@jacksoncountyor.gov.

# Panukalang-Batas 15-226 – Jackson County

*Isinasangguni sa Mga Tao sa pamamagitan ng Petisyon para sa Inisyatiba*

**Caption:** Pag-codify ng Mga Sahod ng Mga Komisyonadong Pang-county ng Jackson sa Karta ng County

**Tanong:** Dapat bang ibaba sa $75,000.00 ang mga sahod ng Mga Komisyonado nang may mga pagbabago sa sahod sa hinaharap na nakaugnay sa karaniwang sahod sa Jackson County?

**Buod:** Binabago ng panukalang-batas na ito ang Seksyon 24 ng Karta ng Jackson County Oregon upang itakda ang mga komisyonadong pang-county sa iba pang mga hinalal sa tungkulin patungkol sa pasahod. Aamyendahan ang Seksyon 24 ng Karta para itakda sa $75,000.00 ang mga sahod ng mga Komisyonadong Pang-county simula Enero 1, 2027. Anumang pagbabago sa sahod ng komisyonado sa hinaharap ay iuugnay taon-taon sa karaniwang (average) suweldo sa Jackson County. Magdudulot ito ng pagbaba sa mga sahod ng Komisyonado. Sa kasalukuyan, itinatakda ang mga sahod ng Mga Komisyonado taun-taon ng Komite ng Badyet ng Jackson County (Jackson County Budget Committee). Para sa taon ng pananalapi 2023-2024 ang taunang sukatan ng sahod ay $123,884.80 - $143,416.00.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Walang ihahaing mga pagpapaliwanag na pahayag para sa mga panukalang-batas pang-county na dulot ng petisyon para sa inisyatiba (Naka-codify na Mga Ordinansa ng Jackson County, Kabanata 206, Halalan 10-13).

Maaaring makuha ang teksto ng panukalang-batas; online sa https://www.jacksoncountyor.gov/departments/clerk/elections/index.php; nang personal sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections), 1101 W. Main St., Suite 201, Medford, OR, 97501; sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Jackson (Jackson County Elections) sa elections@jacksoncountyor.gov.

# Panukalang-Batas 15-227 – Lungsod ng Ashland

**Caption:** Pag-amyenda sa Karta ng Lungsod ng Ashland para italaga ang City Recorder.

**Tanong:** Dapat bang amyendahan ang Karta ng Ashland para tanggalin ang City Recorder bilang isang hinalal na posisyon at pahintulutan ang pagtatalaga sa posisyon?

**Buod:** Ang pagboto ng "Oo" (Yes) sa panukalang-batas na ito ay nag-aamyenda sa Karta ng Lungsod upang pahintulutan ang Lungsod ng Ashland na kumuha ng isang indibidwal na may angkop na pagsasanay at kakayahan para punan ang posisyon ng City Recorder.

Ang pagboto ng "Hindi" (No) sa panukalang-batas na ito ay nagpapanatili sa kasalukuyang wika sa Karta ng Lungsod na nagbabalangkas sa mga tanging kwalipikasyon para mahalal bilang City Recorder, iyon ay ang paninirahan sa loob ng Lungsod at kasalukuyang rehistrasyon para bumoto.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Ang pagboto ng "Oo" (Yes) sa panukalang-batas na ito ay nag-aamyenda sa Karta ng Lungsod upang pahintulutan ang Lungsod ng Ashland na kumuha ng isang indibidwal na may angkop na pagsasanay at kakayahan para punan ang posisyon ng City Recorder na kabilang ang batas sa pagpapanatili ng mga pampublikong talaan, batas sa pampublikong pagpupulong, at proseso ng halalan. Sa kasalukuyan, walang minimum na kwalipikasyon hinggil sa propesyonal na kakayahan para sa posisyong ito. Ang tanging mga kwalipikasyon ay ang paninirahan sa loob ng Lungsod at pagiging rehistradong botante. Ang recorder ay isang administratibong posisyon na nangangailangan ng mga pagpapasya batay sa kaalaman, kakayahan, at abilidad.

Ang pagboto ng "Hindi" (No) sa panukalang-batas na ito ay nagpapanatili sa posisyong ito bilang isang hinalal sa tungkulin at nagpapanatili sa kasalukuyang wika sa Karta ng Lungsod na nagbabalangkas sa mga tanging kwalipikasyon para sa pagiging isang hinalal na City Recorder at pagtupad sa mga kinakailangang tungkulin sa trabaho ng pagiging isang residente at rehistradong botante sa loob ng Lungsod ng Ashland.

*Isinumite ng: Lungsod ng Ashland*

# Panukalang-Batas 15-228 – Lungsod ng Ashland

**Caption:** Pag-amyenda sa Artikulo XIV-Hepe ng Pulisya sa Karta ng Lungsod ng Ashland

**Tanong:** Dapat bang amyendahan ang Karta ng Lungsod ng Ashland para pahintulutan ang Hepe ng Pulisya na magtalaga ng isang Sergeant-at-Arms?

**Buod:** Ang pagboto ng "Oo" (Yes) sa panukalang-batas na ito ay nag-aamyenda sa Karta ng Lungsod para pahintulutan ang Hepe ng Pulisya na magtalaga ng isa pang indibidwal upang magsilbing Sergeant-at-Arms sa mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod kung sakaling hindi makadalo ang Hepe ng Pulisya.

Ang pagboto ng "Hindi" (No) ay nangangahulugang mananatili ang kasalukuyang wika sa Karta ng Lungsod na dapat dumalo ang Hepe ng Pulisya sa lahat ng pagpupulong ng Konseho ng Lungsod.

## Pagpapaliwanag na Pahayag

Kasalukuyang iniaaatas sa Artikulo XIV-Mga Kapangyarihan at Tungkulin ng Hepe ng Pulisya Seksyon 2 na "Ang Hepe ng Pulisya ay dapat dumalo sa lahat ng mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, at gampanan ang mga tungkulin ng Sergeant-at-Arms ng lupong iyon, .... " Hindi pinahihintulutan ng kasalukuyang wika ng Karta ang anumang pagsasaalang-alang sa iskedyul, pagkakasakit, o mga oportunidad sa pagsasanay na maaaring makasagabal sa mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod.

Ang Panukalang-batas na ito ay magbibigay-daan para sa Hepe ng Pulisya na magtalaga ng isa pang naka-unipormeng indibidwal upang gampanan ang mga tungkulin ng Sergeant-at-Arms kung sakaling hindi magampanan ng Hepe ng Pulisya ang tungkuling iyon.

Resulta ng Botong "Hindi" (No).
Kung hindi maipasa ang panukalang-batas na ito, mananatili ang kasalukuyang wika ng karta na nagbabawal sa sinuman maliban sa Hepe ng Pulisya na magsilbing Sergeant-at-Arms sa mga pagpupulong ng Konseho ng Lungsod.

*Isinumite ng: Lungsod ng Ashland*

# Panukalang-batas 15-229 – Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito 6 ng Evans Valley (Evans Valley Rural Fire Protection District 6)

**Caption:** Limang taong lokal na opsyon na singil sa buwis para sa pangkalahatang operasyon

**Tanong:** Dapat bang magpataw ang Distrito ng $1.35 kada $1000 ng tinasang halaga para sa mga operasyon sa loob ng limang taon, simula 2025-2026, upang pondohan ang pangkalahatang operasyon? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

**Buod:** Nagbibigay ang Pamatay-sunog para sa Distrito #6 ng Evans Valley (Evans Valley Fire District #6) ng mga serbisyong pamatay-sunog at pangkaligtasan sa loob ng teritoryo ng distrito. Kung maipatupad, papalitan ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang ipinapataw na buwis na $0.36 kada $1000 ng tinasang halaga ng bagong ipapataw na buwis na $1.35 kada $1000 ng tinasang halaga. Ang isang bagong ipapataw na buwis ay magbibigay-daan para sa pagpapanatili ng kasalukuyang mga antas ng serbisyo sa distrito. Kung wala ang bagong ipapataw na buwis, magkakaroon ng mga pagbabawas ng serbisyo, na makasisira sa antas ng ISO ng distrito at posibleng makaapekto sa mga halaga ng seguro ng mga may-ari ng bahay.

Ang iminungkahing ipapataw na buwis na $1.35 kada $1000 ng tinasang halaga ay makakalikom ng pondo para mapanatili ang dalawang posisyon ng bumbero na kasalukuyang pinopondohan ng isang Capacity Grant ng Fire Marshal ng Estado ng Oregon. Naging mahalaga ang dalawang posisyon ng bumbero sa mga serbisyo para sa pagtugon sa emerhensiya ng distrito. Magwawakas ang pagkakaloob ng pondo para sa mga posisyon ng bumbero sa Mayo, 2026.

Popondohan din ng kapalit na ipapataw na buwis ang mga mahahalagang serbisyo tulad ng programa para sa pag-empleyo ng mga estudyante, pagpapalit ng kasangkapan, pagpapanatili ng mga pasilidad, at pagpapalit ng kagamitan. Kung wala ang kapalit na ipapataw na buwis, hindi mapapanatili ng distrito ang antas ng mga serbisyong pamatay-sunog at pangkaligtasan sa loob ng distrito.

Makakalikom ang iminungkahing halaga ng humigit-kumulang $410,309 sa 2025-2026, $422,619 sa 2026-2027, $435,297 sa 2027-2028, $448,356 sa 2028-2029, at $461,807 sa 2029-2030, na may kabuuang $2,178,388 sa loob ng limang taon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Pinagbotohan ng Lupon ng mga Direktor ng Pamatay-sunog para Distrito Blg. 6 ng Evans Valley (Evans Valley Fire District No. 6) na magmungkahi ng bagong limang taong lokal na opsyon na ipapataw na buwis na $1.35 kada $1000 ng tinasang halaga upang palitan ang kasalukuyang ipinapataw na buwis na $0.36 kada $1000, simula sa taon ng pananalapi 2025-

2026. Pagbobotohan ang panukalang-batas na ito sa balota sa Mayo, na humihiling ng pagsang-ayon ng mga residente ng distrito.

Noong 2023, nakakuha ng pondo ang Distrito ng Pamatay-sunog para sa dalawang posisyon ng bumbero sa loob ng tatlong taon sa pamamagitan ng Capacity Program ng Serbisyong Pamatay-sunog ng Oregon (Oregon Fire Service Capacity Program). Napunan ang mga posisyong ito at pinahusay ang abilidad ng distrito na agarang tugunan ang mga emerhensiya. Gayunpaman, magwawakas ang pagkakaloob ng pondong ito sa Mayo, 2026. Nilalayon ng iminungkahing ipapataw na buwis  na mapanatili ang mga posisyong ito at ipagpatuloy ang kasalukuyang mga antas ng serbisyo lampas pa sa pagwawakas ng pinagkaloob na pondo.

Kung wala ang bagong ipapataw na buwis, magkakaroon ng mga pagbabawas ng serbisyo, na makasisira sa antas ng ISO ng distrito at posibleng makaapekto sa mga halaga ng seguro ng mga may-ari ng bahay.

Matitiyak ng pagboto ng "Oo" (Yes) sa ipapataw na buwis ang pagpopondo para sa Distrito ng Pamatay-sunog sa loob ng taon ng pananalapi 2029-2030, na magbibigay-daan sa pagpapatuloy ng kasalukuyang mga antas ng serbisyo at pagpapanatili ng mga binabayarang posisyon ng kawani. Susuportahan ng pagpopondong ito ang distrito para matugunan ang dumaraming pangangailangan kaugnay ng mga tawag pang-emerhensiya (sunog, medikal, pampublikong panganib, at sunog sa kagubatan) at mapanatili ang mahahalagang kagamitan, kasangkapan, at pasilidad.

Ang permanenteng halaga ng buwis ng Distrito ng Pamatay-sunog ay $1.2905 kada $1000 ng tinasang halaga, ngunit mahalaga ang karagdagang kita mula sa lokal na opsyon na ipapataw na buwis para ganap na mapondohan ang operasyon, mapangalagaan ang mga pasilidad, mapanatili ang kasangkapan, at mapanatili ang pondo para sa pagpapalit ng kasangkapan. Dahil sa tumataas na mga gastusin at dami ng tawag, naniniwala ang Lupon ng mga Direktor na kailangan ang ipapataw na buwis na ito upang matiyak ang sapat na proteksyong pamatay-sunog at pangkaligtasan sa distrito at matugunan ang mga pangangailangan sa pagtugon sa emerhensiya ng komunidad.

Independiyenteng nagtatrabaho ang Pamatay-sunog para sa Distrito Blg. 6 ng Evans Valley (Evans Valley Fire District No. 6) bilang isang "espesyal na distrito," na hiwalay sa mga lungsod o county. Itinatag noong 1963, pinangangasiwaan ito ng isang hinalal na Lupon ng mga Direktor na kumakatawan sa mga interes ng mga residente ng distrito. Ang lupon na ito, at isang komite ng badyet na binubuo ng limang mamamayan ng distrito, ay nagpapasya ukol sa mga patakaran at  rekomendasyon sa pananalapi upang matiyak ang matipid na paghahatid ng mga serbisyong pamatay-sunog, pang-emerhensiyang medikal, at pangkaligtasan.

*Isinumite ng: Pamatay-sunog para sa Distrito 6 ng Evans Valley (Evans Valley Rural Fire Protection District 6)*

# Panukalang-Batas 17-118 – Pinagsamang Distrito ng Paaralan ng Three Rivers/Josephine County (Three Rivers/Josephine County Unit Joint School District)

**Caption:** Pinahihintulutan ang mga Bond para Mapahusay ang Kaligtasan, Seguridad, at Maglagay Muli ng Bubong sa Mga Lumang Gusali

**Tanong:** Dapat bang mag-isyu ang Distrito ng Paaralan ng Three Rivers (Three Rivers School District) ng $39 milyon na mga bond para sa mga gastusin sa kapital ng paaralan at tumanggap ng $6,000,000 na katumbas na pondo? Kung maaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Umaasa ang mga Distrito ng Paaralan sa Oregon sa lokal na suporta upang pondohan ang mga pagpapalago ng kapital. Ginawaran ang Distrito ng $6,000,000 na makukuha lamang kung maaprubahan ang mga bond. Kung maaprubahan, tutustusan ng panukalang-batas na ito ang mga gastusin sa kapital sa loob ng Distrito, na maaaring kabilangan ng:

- Mga hakbang pangkaligtasan at panseguridad na nakatuon sa pagkontrol ng pag-akses sa lahat ng lokasyon
  - Karagdagang pagbabakod
  - Mga Daanang Binabantayan
  - Mga buzz-in na sistema ng pagpasok
  - Mga camera
  - Pagpasok gamit ng key card
  - Ilaw na panseguridad
  - Mga pintuan at hardware panseguridad

- Lagyan muli ng bubong ang 18 gusali sa buong Distrito upang mapanatili ang integridad ng istruktura at protektahan ang pamumuhunan ng komunidad sa mga pasilidad ng distrito ng paaralan

Magma-mature ang mga bond sa loob ng 16 na taon o di-lalampas mula sa petsa ng pag-isyu, at maaaring ma-isyu sa isa o higit pang serye. Kung maaprubahan, ang halaga ng buwis ay tinatayang nasa $0.55 kada $1000.00 ng tinasang halaga. Maaaring mag-iba ang aktwal na mga halaga batay sa mga natamong interest rate at pagbabago sa tinasang halaga.

### Pagpapaliwanag na Pahayag

Isang kritikal na hakbang ang panukalang-batas sa bond na ito para matiyak ang kaligtasan, seguridad, at integridad ng mga gusali ng ating mga paaralan sa loob ng Distrito ng Paaralan ng Three Rivers (Three Rivers School District). Sa pamamagitan ng pagtuon sa muling paglalagay ng bubong sa mga lumang istruktura at pagpapahusay ng mga hakbang panseguridad, makikinabang sa inisyatibang ito ang mahigit 4,000 estudyante at 600 kawani sa 14 nating paaralan.

**Pagpapahusay sa Seguridad ng Paaralan**

Bilang tugon sa mga nagbabagong alalahaning pangkaligtasan, sinuri ng ating Pangkat Pangkaligtasan at lokal na tagapagpatupad ng batas ang mga gusali ng ating mga paaralan at kampus. Nilalayon ng iminungkahing estratehiya na paigtingin ang mga paligid ng paaralan sa pamamagitan ng pamamahala sa mga pasukan at labasan, na humahadlang at pumipigil sa mga potensyal na panganib. Inilaan na ang $11 milyon para sa mga pagpapahusay ng seguridad, kabilang ang palalagay ng bakod, mga gate, at mga makabagong sistema ng pagpasok, binibigyang priyoridad natin ang kaligtasan ng komunidad ng ating paaralan.

**Pagtugon sa Mga Agarang Pangangailangan sa Paglalagay ng Bubong**

Mahigit 60 taon na ang marami sa mga gusali ng ating distrito at nasa kritikal na kondisyon, gaya ng natukoy sa kamakailang pangmatagalang plano para sa pasilidad. Mahalaga ang muling paglalagay ng bubong sa mga istrukturang ito para mapanatili ang integridad ng istruktura at maiwasan ang mga gastusin sa hinaharap. Sa pamamagitan ng $35 milyong inilaan para sa muling paglalagay ng bubong sa 18 gusali sa buong distrito, mapapahusay ang kaligtasan at pagtakbo ng ating mga lumang pasilidad.

**Mapagtagumpayan ang mga Hamon sa Pagpopondo**

Sa kabila ng malawak na lugar na pinaglilingkuran natin at malaking gastusin sa transportasyon, tumatanggap ang ating distrito ng parehong pagpopondo kada estudyante mula sa Estado tulad ng mas maliliit na mga distrito. Sa paglipas ng mga taon, masigasig nating pinagpursigihan ang iba't ibang oportunidad sa pagpopondo, ngunit higit na nakasalalay ang mga pagpapalago ng kapital sa lokal na suporta. Sa iyong pagsang-ayon sa $39,000,000 na panukalang-batas sa bond, nakakuha tayo ng katumbas na $6,000,000 pondong kaloob ng estado, na pinakikinabangan nang husto ang epekto ng bawat dolyar na pinuhunan sa ating mga paaralan.

Ang iyong pagboto para sa panukalang-batas na ito sa bond ay hindi lamang isang pagboto para sa ating mga paaralan; isa itong pamumuhunan sa kinabukasan ng ating komunidad. Ang tinatayang halaga ng buwis kaugnay ng bond na ito ay $0.55 kada $1000 ng tinasang halaga. Halimbawa, ang isang ari-arian na may tinasang halaga na $300,000 ay makapagbibigay ng $165 kada taon para sa 15-taong termino ng bond.

Sama-sama tayong makapagbibigay ng ligtas, matiwasay na mga kapaligiran sa pag-aaral para sa ating mga estudyante upang matulungan silang umunlad at magtagumpay.

*Isinumite ni Dave Valenzuela, Superintendent*